

Update sa COVID-19 – ika-1 ng Setyembre 2021

ANONG BAGO?

Narito ang buwanang update sa Covid-19 ngayong Setyembre:

PAGSUSURI SA KEMH

- Kabuuang dami ng swab tests na naisagawa at naproseso sa ngayon: Pitong libo limang daan at tatlumpu't isa (7,531)
- Kabuuang dami ng swabs na nakuha ngunit di pa nasusuri: Lima (5)
- Kabuuang dami ng positibong resulta simula noong ika-3 ng Abril 2020: Animnapu't pito (67)
- Damang kasalukuyang positibong resulta sa loob ng isla: Wala (0)

Patuloy ang ating programa sa *surveillance swabbing* para sa mga taong nasa quarantine at patuloy itong isinasagawa bilang ating depensa laban sa Covid-19 at isa sa mga pinaka mabisang paraan upang maprotektahan natin ang ating komunidad.

MGA INDIBIDWAL NA NANGANGAILANGAN NG COVID-19 SWAB BAGO BUMIYAHE PA-NORTHBOUND

Batid ng ospital ang pagtaas ng dami ng *late bookings* para sa travel swabs – ito ay kadalasang kinukuha kung ang isang tao ay lilipad sa isa pang bansa pagkarating nila sa UK. Habang ang serbisyong ito ay libre pa, hinihiling ng KEMH na magsagawa ng appointment at i-book ito ng mas maaga, para masiguro nila na may sapat na panahon para makuhanan sila ng swab at nasuri.

Kung ikaw ay nangangailangan ng Covid-19 swab bago bumiyaha, magpadala ng email sa surveillance@kemh.gov.fk na may titulo sa subject na "Travel Swab". Kung maari, paki-submit ang mga sumusunod na impormasyon sampung (10) araw bago bumiyaha:

1. Buong pangalan, Address, at Petsa ng Kapanganakan ng taong nangangailangan ng swab
2. Numero ng Telepono upang matawagan ka ng KEMH
3. Petsa ng pag-alis ng indibidwal mula sa isla
4. Bansa na iyong pupuntahan AT ang mga *requirements* ng bansang iyong pupuntahan (halimbawa: kung ang swab ay dapat makuha sa loob ng pitumpu't dalawang (72) oras bago umalis)

Tatawagan ka ng KEMH upang maisaayos nila ang iyong appointment at tatawagan ka nila upang ipaalam nila sa iyo ang iyong resulta.

CONVALESCENT CASES – MGA PANGANGAILANGAN PARA SA BIYAHENG SOUTHBOUND

Ang *convalescent cases* ay ang mga taong nagkaroon ng aktibong kaso ng impeksyon mula sa Covid-19 sa loob ng nakaraang siyamnapung (90) araw at tuluyan nang gumaling. Hindi delikado sa publiko ang mga convalescent cases. Gayunpaman, ang bawat tao na isang convalescent case ay dapat na magbigay ng katibayan ng kanilang impeksiyon sa Covid-19 upang makapag-book ng kanilang upuan sa Airbridge. Sila ay dapat ring sumailalim sa isang pagsusuring medical, na isinagawa sa UK, na naisagawa sa kasiyahan ng KEMH, at ito ay dapat nagsasaad ng mga panahon ng kanilang pagkakasakit at kasaysayan ng kanilang sintomas. Ang kahit anong pagkakawala o eksempsiyon na naisagawa sa mangilan-ngilang kaso ay base sa isang klinikal na opinion ng isang eksperto at sasailalim sa pagbabantay mula sa kanilang pagdating.

Para magpa-book ng *medical assessment* o pagsusuri ay kailangan mong magpa-rehistro sa NHS bilang isang *temporary resident*, ikaw din ay nakahandang magbayad para sa iyong pagsusuring medical dahil ito ay hindi kasama sa mga serbisyo ng NHS at hindi napapailalim sa prinsipyo ng *'free at the point access'*. Para sa karagdagang impormasyon kung paano magpa-rehistro sa isang GP bilang isang *temporary resident*, bumisita sa website na:

<https://www.nhs.uk/common-health-questions/nhs-services-and-treatments/how-do-i-register-as-a-temporary-resident-with-a-gp/>

Kung naniniwala ka na ikaw ay maaring magpositibo bilang resulta ng iyong pagiging *convalescent case*, kailangan mong makipagugnayan sa iyong *booking agent* (kung ikaw ay nagpa-book mula sa UK, makipagugnayan sa travel@falklands.gov.uk) at pati na rin sa KEMH medical team, sa pamamagitan ng email surveillance@kemh.gov.fk.

MGA BINAGONG REGULASYON

Noong nakaraang buwan, ang bagong *Infectious Diseases Control (Coronavirus, Quarantine) Regulations 2021*, kasama ang mga Direksyon na nakapwersa sa ilalim ng mga regulasyon na ito, ay mariing ipinatupad. Ang mga ito ay mananatiling nakapatupad hanggang sa ika-8 ng Agosto 2022 (maliban na lamang kung bawiin ito ng mas maaga) at pag-aaralan kada dalawang buwan, upang masigurong ang mga ito ay kailangan pa rin at manatiling akma para sa layunin.

Siguruhing ikaw ay may kaalaman sa mga pagbabago sa ilalim ng mga binagong regulasyon – at makikita mo ang lahat ng impormasyon na ito sa ating web page: www.fig.gov.fk/covid-19 – gayunpaman, ang mga pangangailangan sa quarantine at pagsusuri ay ang mga sumusunod:

Quarantine

- Ang pamantayang panahon ng quarantine sa ngayon ay nasa sampung (10) araw na

- Ang panahon na ginugol sa karagatan sa isang sasakyang pandagat na walang kahit anong ugnayan sa ibang tao o sa ibang sasakyang pandagat simula ng umalis sa daungan patungong Falkland Islands ay kasama sa bilang ng panahon ng quarantine
- Ang mga tao na paparating mula sa dagat ay maaaring dumaong sa lupa upang makumpleto ang quarantine na sinimulan sa karagatan
- Ang mga tao na nagsasagawa ng quarantine sa sasakyang pandagat ay tatratuhing sabayang quarantine
- Pagkarating sa Falkland Islands, ang lahat ay kinakailangang bumiyahe sa kanilang tirahan para sa quarantine sa isang itinalagang sasakyan mula sa gobyerno o, kung gagamit ng pribadong sasakyan, ay dapat na bumiyahe ng mag-isa o kasama ang mga taong kasama sa quarantine.
- Ang mga tao na nasa quarantine ay hindi dapat makibahagi ng kanilang tirahan o iba pang mga pasilidad sa kahit sinuman na hindi nila kasama sa quarantine.
- Ang mga tao na nasa quarantine ay hindi pinapayagang lumampas sa mga hangganan na kanilang pag-aaari para magsagawa ng ehersisyo

Pagsusuri

- Ang mga dumating mula sa UK sa pamamagitan ng eroplano ay kailangang magbigay ng ebidensya ng isang negatibong Covid-19 test na isinagawa ng hindi lalampas sa limang (5) araw bago ang araw ng pagdating.
- Ang mga dumating mula sa ibang bansa sa pamamagitan ng eroplano ay kailangang magbigay ng ebidensya ng isang negatibong Covid-19 test na isinagawa ng hindi lalampas sa tatlong (3) araw bago ang araw ng pagdating.
- Ang kasalukuyang mga opsiyon sa quarantine na *5 at 8-day test to release* ay magagamit ng lahat ng mga paparating mula sa himpapawid, at hindi lamang sa mga paparating mula sa UK
- Ang kaparehong mga opsiyon sa quarantine na *5 at 8-day test to release* ay magagamit ng mga paparating mula sa karagatan
- Ang mga bata na may edad anim (6) pataas ay dapat na kasama sa *testing programme* kung ang mga nakatatanda na kasama nila sa quarantine ay nais na magsagawa ng opsiyon na *8-day test to release*; ang mga bata na wala pang anim (6) na taong gulang ay hindi kailangang masuri at mapapakawalan mula sa quarantine kung ang taong nag-aalaga sa kanila ay lumabas na negatibo sa parehong ikalawang (2nd) araw at ikawalong (8th) araw.

PAALALA SA QUARANTINE

Ang quarantine ay nakakatulong na maprotektahan ang publiko sa pamamagitan ng pagpigil ng pagkakalantad sa mga taong maaaring may sakit o nagkaroon ng Covid-19. Habang ang bawat isa ay may responsibilidad na gawin ang lahat ng ating makakaya upang masigurong tayong lahat ay ligtas, ang ibig sabihin lamang ng mga pangangailangan ng *Infectious Diseases Control Regulations 2021* ay mayroong mabigat na legal na kahihinatnan para sa mga taong makikitang lumabag sa batas na ito, kasama na ang

pagbabayad multa na hanggang sa £2,000, pagkakakulong ng hanggang sa tatlong buwan, o pareho.

Nais ipaalala ng Gobyerno ng Falkland Islands sa lahat ng tao na ang kahit anong paglabag sa mga regulasyon ng quarantine ay iimbestigahan ng mga pulis at, kung ang pagkakasala ay napatunayang naisagawa, karagdagang mga hakbang ang isasagawa.

Ang lahat ng mga pasaherong paparating sa Falkland Islands ay bibigyan ng detalyadong impormasyon sa mga panuntunang kailangan nilang sundin, at walang dahilan na hindi mo alam ang mga pangangailangang personal at pangangailangan ng sambahayan sa ilalim ng batas na ito.

SELF-ISOLATION O PAGHIHIWALAY SA SARILI

Nais ipaalala ng KEMH sa publiko ang patuloy at kahalagahan o pagsasagawa ng pagbabalita sa kanila ng mga sintomas ng sipon at trankaso. Kung ikaw ay nakakaranas ng mga sintomas ay makipagugnayan agad sa KEMH sa numerong 28000, at ikaw ay hihingan ng numero para tawagan ng reception staff at ikaw ay aabisuhan na mag self-isolate kung kinakailangan base sa kanilang abiso.

Tatawagan ka kaagad ng isang clinician para abisuhan ka kung kailangan mong magpatuloy sa isolation o makuhanan ng swab. Malaking bilang ng pasyente ang inaasikaso sa kasalukuyan kaya maaaring magkaroon ng mabagal na pag-respond mula sa KEMH at susubukang makapagbigay serbisyo ng mabilis at sa ligtas na paraan.

Kung ikaw ay may nakakahawang sakit tulad ng sipon o trankaso ay nararapat na ikaw ay manatili sa bahay, malayo sa ibang tao, hanggang sa ikaw ay tuluyang gumaling. Ang sinumang bata na may lagnat, na may kasamang ubo, at may hinog na sipon, at hindi kumakain o umiinom ng tubig, o nakakaranas ng pagtatae o pagsusuka ay dapat na lumayo sa nursery o sa paaralan. Kailangan sila ay tuluyang gumaling at walang lagnat sa loob ng dalawampu't apat (24) na oras bago sila bumalik sa paaralan.

Tandaan, upang mabawasan ang pagkalat ng mga virus:

- **Saluhin mo:** madaling kumalat ang germs; magdala ng tisyu at gamitin ito upang saluhin ang iyong ubo o pagbahing
- **Itapon mo:** mananatailing buhay ang germs sa tisyu sa loob ng ilang oras, itapon ito agad-agad.
- **Patayin mo:** ang mga kamay ay madaling nakakapagkalat ng germs sa lahat ng mahahawakan nito, kaya't linisin ng madalas ang iyong mga kamay.

SERBISYO NG MEDEVAC

Pinapaalalahan ng KEMH ang publiko na nananatiling mahirap ang pagsasaayos ng pagtanggap ng pag-aalaga at gamutan sa labas ng Falkland Islands. Ito ay dahil sa kakulangan ng mga kama sa ospital dahil ito ay ginagamit ng mga pasyente ng Covid-19. Pinapaalalahan nang publiko na maging mas maingat kung sila ay magsasagawa ng mga akitibidad na maaaring maglagay sa kanila sa alanganin o labis na pagkapinsala sa katawan para mabawasan ang pangangailangan sa serbisyong medevac. Ang sitwasyong ito ay

hindi makakaapekto sa mga planadong gamutan para sa mga taong bibiyahe sa UK, kahit na ang KEMH ay patuloy na nakikipagtulugan sa NHS, sa pagkakataong muling tumaas ang kaso ng Covid-19 sa UK ay maaaring maka-apekto sa mga planong ito.

RENEWAL NG TRIP AT BFSAI TRIP SCHEME

Noong Hulyo, sumang-ayon ang ExCo na i-renew ang TRIP at BFSAI TRIP schemes, na ipinatupad noong isang taon upang pasiglahin ang domestikong turismo para makatulong na mapanitili ang mga trabaho at kapasidad na makapag-operate ito dahil sa pandemya at kakulangan ng pandaigdigang turismo.

Ang mga detalye ay kasalukuyang binabalangkas pa at ililimbag bago ang simula ng mga mga schemes, ngunit ang mga pagbabagong sinangayunan ng ExCo ay ang mga sumusunod:

- Ang TRIP at BFSAI TRIP schemes ay magbubukas simula ika-1 ng Oktubre 2021 hanggang ika-30 ng Abril 2022
- Ang BFSAI TRIP ay aamyendahan para nang sa gayon ang mga vouchers ay maaaring magamit para sa mga pagkain at tirahan na may *50% redemption level*, bilang karagdagan sa paggamit nito para sa mga karanasan na may *100% redemption level*.
- Ang subsidiya na 50% para sa Concordia Bay ferry ay ikakansela, dahil sa matumal na serbisyo noong nakaraang scheme.
- Ang mga pasahero ay hinihikayat na mag-book ng kanilang FIGAS flights sa mga petsang *off-peak* sa pamamagitan ng pagbibigay ng mas mataas na subsidiya sa pagbibiyaha sa labas ng *peak times* kumpara sa *peak times*

Upang lubos na matulungan sa karagdagang mga pagpipino ng parehong schemes bago ang petsa ng pagsisimula nito, ang gobyerno ay naglabas ng dalawang survey para sa mga sambahayan at ng negosyo, upang lubos na maintindihan kung anu-ano ang mga aspeto ng scheme ang naging maayos at anu-ano ang mga bagay na pwede pang mapabuti.

Ang parehong mga survey ay magsisimula sa Linggo, ika-5 ng Setyembre, kaya naman nais naming kayo ay tumulong sa pamamagitan ng pagbibigay ng iyong mga puna upang mapabuti pa ang mga bagong scheme na ito. Kung nagparehistro ka sa scheme na ito ngunit hindi nakatanggap ng link para sa survey, o ikaw ay hindi makapagkumpleto nito online at nangangailangan ng kopya nito, ay maaaring makipagugnayan kay Maeve Daly-Llamosa sa MDaly-Llamosa@sec.gov.fk o tumawag sa numerong 28422.

WEBSITE NG COVID-19

Nakatanggap kami ng mataas na bilang ng mga katanungan mula sa Facebook tungkol sa mga hakbang para sa Covid-19 dito sa Falkland Islands, tulad ng mga katanungan sa pagbibiyaha, pagsusuri, at sa quarantine. Nais naming ipaalala sa lahat na ang mga impormasyon na ito ay makikita sa ating itinalagang Covid-19 website, na ngayon ay

ipinatakbo na sa labing-walong (18) buwan. Ang website ay madalas na ina-update at nagbibigay ng mgapinakabagong mga abiso, patnubay, at mga regulasyon na may kinalaman sa Covid-19, pati na rin ang *archive* simula pa noong Marso 2020. Sa kasalukuyan ay mayroon nang 37,279 individual views ang ating website simula pa noong ito ay pinatakbo, at nananatiling pinakamadali at pinakamabilis na paraan sa paghahanap ng impormasyon. Bumisita sa <https://www.fig.gov.fk/covid-19/> .

Ang susunod na buwanang update para sa Covid-19 dito sa Falkland Islands ay sa ika-6 ng Oktubre 2021.